PRAYER

- Magdasal na gawing malinaw sa iyo ng Diyos ang dapat mong gawin habang naghihintay sa Kanyang mga pangako.

- Humingi sa Diyos ng pag-asa at lakas ng loob na magtiwala sa Kanyang kabutihan, higit pa sa pagtanggap lamang ng Kanyang mga biyaya.

- Ipanalangin ang mga kagrupo mong mas umasa pa sila sa Diyos kaysa sa kanilang sariling kakayahan. Hayaan mong ihayag nila ito sa isang panalanging may pananampalataya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Every Nation Leadership Institute
Inilathala ng EVERY NATION PRODUCTIONS
P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City, Philippines

FILIPINO

Tiyaga

Week 4

NOTES

CONNECT

- Anong gawaing bahay ang nasisiyahan kang gawin? Bakit?
- Ano ang madalas mong gawin kapag meron kang inaantay? Bakit?
- Papaano ka nagpapakita ng pasasalamat sa isang tao? Bakit mo ito ginagawa?

WORD

WHAT

What does the Bible say?

Huwag kayong maging tamad, sa halip, tularan n'yo ang mga tao na tumatanggap ng mga ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya nila at pagtitiis.

Hebreo 6:12

Kadalasa'y natatagalang dumating ang sagot sa ating panalangin. Sa ganitong sitwasyon, nalalaman nating mayroon tayong pananampalataya kapag mayroon tayong tiyagang maghintay. Kailangang pareho ang ating tiyaga sa lahat ng mga hinihiling natin sa Diyos, pati na rin sa ating pananalapi. Papaano natin naipapakita ang ating tiyaga sa pagtiwala natin sa mga pangako ng Diyos?

- **Huwag tayong maging tamad.**
  Huwag kayong maging tamad, sa halip, tularan n'yo ang mga tao na tumatanggap ng mga ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya nila at pagtitiis.

  Hebreo 6:12

  Hindi tayo dapat maging tamad habang naghihintay sa pagdating ng pangako ng Diyos. Ang paghihintay ay hindi dahilan upang huwag ng gumalaw. Pupwede nating sundan ang mga dakilang halimbawa ng pananampalataya sa Hebreo 11 na patuloy na sumunod sa Diyos habang naghihintay sa kaganapan ng Kanyang mga pangako. Tulad nito, sa pagharap natin sa ating mga pangangailangang pinansiyal, naipapakita natin ang ating pananampalataya kapag patuloy tayong nagsisikap at nagtatanim. Ano ang hinihiling mo sa Diyos at ano ang ginagawa mo habang hinihintay ito?

  _____

  _____

- **Patuloy tayong maghintay.**
  Mga kapatid, maging matiyaga kayo hanggang sa pagdating ng Panginoon. Pagmasdan ninyo ang magsasaka: matiyaga niyang hinihintay ang unang pag-ulan. At pagkatapos niyang magtanim, matiyaga rin siyang naghihintay sa susunod na ulan at anihan.

  Santiago 5:7

  Hangga't maaari, mas gugustuhin nating makatanggap ng mabilisang sagot. Ngunit kailangan nating maintindihan na minsang sagot, gusto ng Diyos na dumaan tayo sa isang proseso. Alam ito ng mga magsasaka kaya't nagtatiyaga sila at hindi sumusuko sa paghihintay. Alam nilang kailangan ng panahon upang mamunga ang kanilang itinanim. Ganito rin sa pananalapi. Anu-anong mga pag-iisip ang kailangang iwasan habang naghihintay? Bakit mo ito kailangang gawin?

  _____

  _____

- **Patuloy tayong manalangin.**
  Huwag kayong mag-alala sa anumang bagay. Sa halip, ilapit sa Diyos ang lahat ng pangangailangan n'yo sa pamamagitan ng panalangin na may pasasalamat.

  Filipos 4:6

  Ang pananalangin at pagsasabi ng ating mga pangangailangan sa Diyos ay makakatulong upang hindi tayo mag-alala habang naghihintay sa Kanyang sagot. Pupwede tayong patuloy na manalangin para sa isang bagay kahit na naipagdasal na natin ito. Mismong si Jesus ay hinihikayat tayong gawin ito (Lucas 18:1-8). Higit pa rito, pupwede nating samahan ng pasasalamat ang ating panalangin upang maipakita ang ating tiwala sa kabutihan ng Diyos. Papaano ka magkakaroon ng pusong mapagpasalamat?

  _____

  _____

SO WHAT ***What is the relevance of the Word to my life?***

- Sabi sa Santiago 2:26, ano ang palatandaan ng pananampalataya? Bakit hindi nagpapakita ng pananampalataya ang pigiging tamad?
- Anong mga kabutihan ang nakukuha natin sa matiyagang paghihintay?
- Bakit makakabuti sa atin ang humingi ng ating pangangailangan sa Diyos? Ano ang lumalago kapag humihiling tayo ng ating mga pangangailangan sa Diyos kahit na alam na Niya ang mga ito bago pa man tayo humingi?

NOW WHAT ***How do I apply the Word to my life?***

- Sa pag-aabang mo ng sagot sa iyong panalangin, ano ang magagawa mo sa mga susunod na araw upang maiwasan mong maging tamad?
- Pumili ng isang talata sa Bibliya at pagmunimunihan ito upang matulungan kang maging matiyaga sa paghihintay. Ano pang makakatulong sa iyong maghihintay ng matiyaga?
- Papaano mo pinapalakas ang loob ng isang taong nawawalan na ng pag-asang manalangin at maniwala? Sino ang pupwede mong tulungan ngayong linggo?